IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

# Paglalakbay sa Pagkatuto ng Filipinosa Programang Alternative Learning System (ALS) ng Matatag Kurikulum:Isang Penomenolohikal na Pagsusurisa mga karanasan

**MARGIELEM G. CUIZON**
Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.
margielemcuizon@gmail.com

*Abstrak* — Layunin ng pananaliksik na ito na ilarawan at unawain ang mga karanasan, hamon, at pananaw ng mga mag-aaral sa programang Alternative Learning System (ALS) kaugnay ng kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino sa ilalim ng Matatag Kurikulum. Gumamit ang mananaliksik ng pamamaraang penomenolohikal upang matukoy ang kahulugan ng kanilang mga karanasan. Sampung (10) ALS learners mula sa Lungsod ng Digos ang naging kalahok. Isinagawa ang panayam gamit ang semi-structured interview at isinailalim sa thematic analysis ang mga datos. Mula sa pagsusuri, lumitaw ang mga temang nagpapakita ng paglalakbay ng mga mag-aaral mula sa personal na pagkilala, pakikibaka sa mga hamon, at paghahanap ng diskarte, patungo sa aktibong pakikilahok, pagkakaroon ng kumpiyansa, at mas malalim na ugnayan sa wika at kultura. Kabilang din sa mga temang ito ang suporta mula sa guro at komunidad, at ang papel ng edukasyon bilang inspirasyon para sa personal na pagbabago. Ipinakita ng resulta na ang ALS learners ay may natatanging karanasan sa pagkatuto na nakaugat sa kanilang mga layunin at koneksyon sa komunidad. Sa kabila ng mga hamon, nananatili silang determinado sa pag-abot ng kanilang pangarap. Maaaring maging batayan ang pag-aaral na ito sa pagbuo ng mas inklusibo at makataong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa ALS.

***Keywords* — *ALS learners, Matatag Kurikulum, Filipino, karanasan sa pagkatuto,edukasyong alternatibo, penomenolohiya***

## I. Introduksyon

Ang Matatag Kurikulum ay ang bagong kurikulum na ipinatutupad ng Kagawaran ng Edukasyon. Layunin nito na magbigay ng mas holistiko at makabuluhang edukasyon para sa mga Pilipinong mag-aaral. Ang pagpapatupad ng Matatag Kurikulum sa programang ALS ay patuloy pa rin. Gayunman, sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa ilalim ng programang ALS, nahaharap ang mga guro sa mga suliranin kaugnay ng nilalaman, pedagohiya, pagtataya, at kakulangan sa angkop na kagamitan sa pagtuturo na lalong nagpapatingkad sa kahalagahan ng masusing pag-aaral hinggil sa kanilang mga karanasan.

Sa pandaigdigang konteksto, lumitaw sa pag-aaral sa Laos na ang mga programang pang-edukasyon para sa matatanda ay humaharap sa mga hamon tulad ng pagkakaiba sa wika at gulang ng mga mag-aaral. Ang Ministry of Education and Sports (MOES) ay nagsusulong ng mga literacy

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

at livelihood training programs, ngunit nananatiling hadlang ang mga nabanggit na salik sa epektibong implementasyon ng mga ito (Saleumsouk, Phannolath, & Noonan, 2020). Sa North America naman, inilantad ng National Center for Education Statistics (Borela, 2020) ang mababang antas ng edukasyonal na abot ng adult learners, na dulot ng kakulangan sa oras, suporta, at motibasyon. Samantala, sa India, napatunayan sa pananaliksik ni Apao (2022) na ang kakulangan sa pinansyal na yaman, tunggalian sa responsibilidad, at kahinaan sa konsentrasyon ay mga pangunahing balakid sa edukasyon ng matatanda.

Sa pambansang konteksto, ipinakita sa pananaliksik ni Arzadon (2022) sa Cebu na bagaman mahalaga ang ALS bilang alternatibong daan sa edukasyon, nananatiling hamon para sa mga mag-aaral nito ang pagbalanse sa kanilang mga personal na obligasyon at pag-aaral. Sa Laguna naman, tinalakay nina Renegado (2022) at Pinca (2020) ang mga hamon sa pagtuturo sa mga Indigenous Peoples Education (IPEd) learners, na nahaharap sa mga isyu sa literasiya, kakulangan sa kagamitan, at pedagohikal na pagsasaalang-alang. Sa Davao del Norte, natukoy sa lokal na ulat ni Victoria (2024) ang patuloy na kakulangan ng mga kagamitang panturo, partikular sa Filipino, na siyang nagiging hadlang sa epektibong pagkatuto ng mga ALS learners.

**Rebyu ng Mahahalagang Literatura**

***Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino sa Programang Alternative Learning System (ALS)***

Ang Alternative Learning System (ALS) ay isang mahalagang programa sa Pilipinas na nagbibigay ng pagkakataon sa mga out-of-school youth at adult learners na ipagpatuloy ang kanilang edukasyon. Ayon kay Mahinay at Manla (2025), ang ALS ay nagbibigay ng *flexible* at inklusibo na edukasyon, subalit may mga hamon sa implementasyon tulad ng mabagal na pagpapatupad ng mga polisiya, kakulangan sa resources, at hindi pantay na access sa teknolohiya.

**Pagkatuto Bilang Paglalakbay sa Sarili at Kulturang Pilipino.** Ang pagkatuto sa ilalim ng Alternative Learning System (ALS) ay hindi lamang ukol sa akademikong kaalaman kundi isang personal na paglalakbay patungo sa mas malalim na pag-unawa sa sarili at sa kulturang Pilipino. Ayon kina Mahinay at Manla (2025), ang ALS ay nagbibigay ng *flexible* at inklusibo na edukasyon, subalit may mga hamon sa implementasyon tulad ng mabagal na pagpapatupad ng mga polisiya, kakulangan sa *resources*, at hindi pantay na *access* sa teknolohiya.

**Hamon sa Panlipunan at Personal na Konteksto.** Ang pagkatuto ng Filipino ay isang masalimuot na proseso na nakaugat sa personal at panlipunang konteksto ng mga mag-aaral. Ayon kina Culla-ag et al. (2025), ang mga mag-aaral sa elementarya sa Mountain Province ay nahihirapan sa pagsasalita sa wikang Filipino bunga ng sikolohikal na pressure, kakulangan sa bokabularyo, at limitadong exposure sa wika sa kanilang lokal na kapaligiran. Ang takot na magkamali at kababaang-loob sa pakikisalamuha ay nagpapalala pa sa kakulangan ng kumpiyansa, na nagiging hadlang sa aktibong pakikilahok sa mga klase.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Papel ng Guro at Komunidad Bilang Sandigan sa Pagkatuto.** Ang mga guro at ang komunidad ay may mahalagang papel sa pagkatuto ng wikang Filipino. Ayon kay Renegado (2022), ang pagsasama ng wikang Filipino sa mas mataas na edukasyon ay nagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga komplikadong paksa, na nagpapakita ng kahalagahan ng guro sa paggamit ng makabagong metodolohiya upang mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral.

### *Tugon sa mga Hamon ng Pagkatuto ng Filipino*

Ang pagkatuto ng wikang Filipino ay nahaharap sa iba't ibang hamon, kabilang ang mga sikolohikal, panlipunan, at akademikong aspekto. Ayon sa pag-aaral nina Culla-ag, Hacbang, at Tacadena (2025), ang mga mag-aaral sa Baitang 6 ay nakararanas ng takot na magkamali at pagkahiya sa pagsasalita ng Filipino, na nagreresulta sa pag-aatubili sa pakikilahok sa klase. Bilang tugon, ang mga mag-aaral ay nagsasagawa ng mga personal na inisyatiba tulad ng pagbabasa ng mga aklat sa Filipino at panonood ng mga programang pantelebisyon upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa wika.

## II. Methodology

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mahahalagang impormasyon at proseso sa pagsusuri. Saklaw nito ang disenyo ng mga pilosopikal na palagay, kuwalitatibong palagay, disensyo ng pananaliksik, mga pamantayang etikal, mga kalahok sa pananaliksik, mga tungkulin ng pananaliksik, instrumenting pananaliksik, instrumento ng pananaliksik, Paglikom ng mga Datos, Pagsusuri ng mga Datos, at pagkamatapatin ng pag-aaral.

### Mga Pilosopikal na Palagay

Ayon kina Creswell at Poth (2020) may apat na pangunahing palagay na kailangang isaalang-alang ng mananaliksik sa pagbuo ng pag-aaral: Sa aking pananaliksik, matapat kong isinaalang-alang ang sumusunod: (1) ontolohiya, (2) epistemolohiya, (3) aksiyolohiya at (4) metodolohikal

### *Ontolohiya*

Sa lente ng *ontolohiya*, kinikilala ng pananaliksik na ang kahusayan sa pagbasa ay hindi nasusukat sa iisang pamantayan lamang, kundi nabubuo mula sa samu't saring salik tulad ng konteksto, personal na karanasan, at emosyonal na ugnayan ng mag-aaral sa tekstong binabasa. Ang kahusayan ay may maraming anyo maaaring tahimik ngunit malalim, mabagal ngunit may saysay, at hindi kailanman pareho sa bawat isa. Kaya't piniling gamitin ang penomenolohikal na lapit upang hindi lamang sukatin, kundi pakinggan at pahalagahan ang mga naratibo ng mga mag-aaral bilang mga batis ng tunayna pag-unawa (Creswell & Poth, 2020).

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

***Epistemolohiya***

Ang epistemolohikal na palagay ay tumutukoy sa kung paano nalilikha at nauunawaan ang kaalaman. Sa kuwalitatibong pananaliksik, partikular sa penomenolohiya, ang kaalaman ay itinuturing na bunga ng interaksyon sa pagitan ng mananaliksik at ng mga kalahok. Kaya naman, itinuturing sa pag-aaral na ito na ang mga kaalaman tungkol sa pagkatuto ng Filipino sa ALS ay masasalamin sa mga personal na naratibo, damdamin, at kuro-kuro ng mga kalahok. Ang mananaliksik ay hindi tagamasid lamang kundi katuwang sa pagbubuo ng kahulugan ng kanilang mga karanasan (Creswell & Poth, 2020).

***Aksiyolohiya***

Kaugnay nito, ang axiolohikal na pananaw ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagbibigay ng espasyo sa boses ng mag-aaral. Bilang mananaliksik, responsibilidad kong igalang ang kanilang pananaw, pakinggan ang kanilang damdamin, at itala ang kanilang karanasan nang may katarungan at layuning mapabuti ang sistema ng edukasyon. Ang bawat tugon nila ay hindi lamang datos kundi isang anyo ng tiwala, at tungkulin kong tugunan ito nang may integridad at paggalang (Creswell & Poth, 2020). Sa kontekstong ito, ang pananaliksik ay hindi lamang akademikong gawain kundi isang etikal na ugnayan na may pananagutang panlipunan. Ang pakikinig sa kanilang mga tinig ay isang hakbang tungo sa mas inklusibo, makatarungan, at makataong pamumuno sa larangan ng edukasyon.

***Metodolohikal***

Ang *metodolohikal* na palagay ay nakasentro sa paniniwalang ang kaalaman ay pinakamahusay na nahuhubog sa pamamagitan ng malalim at masusing pakikinig sa karanasan ng tao. Sa pananaliksik na ito, ang metodolohiyang penomenolohikal ay ginagamit upang masusing tuklasin ang kahulugan ng pagkatuto ng Filipino para sa mga mag-aaral ng ALS. Sa halip na masukat sa bilang o bahagdan, ang kanilang karanasan ay sinusuri batay sa lalim ng kanilang naratibo isang bagay na mas nahahayag sa pamamagitan ng panayam, pagmumuni-muni, at tematikong pagsusuri (Creswell & Poth, 2020).

**Mga Kuwalitatibong Palagay**

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa kuwalitatibong palagay na ang kaalaman ay masusing nahuhubog mula sa karanasan, pananaw, at personal na konteksto ng mga kalahok. Ayon kina Creswell at Creswell (2022), ang kuwalitatibong pananaliksik ay isang sistematikong pamamaraan ng pagtuklas at pagbibigay-kahulugan sa mga karanasang panlipunan ng tao sa pamamagitan ng masinsinang pakikipag-ugnayan sa mga kalahok. Sa ganitong palagay, kinikilala ng pananaliksik na ang mga mag-aaral ng ALS ay taglay ang natatanging karanasan at kaalaman na hindi maaaring maipahayag sa pamamagitan lamang ng estadistika kundi sa mas makatao, mas malalim, at makasining na paraan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kuwalitatibong disenyo, partikular ng penomenolohikal na lapit, na angkop sa layunin nitong mailarawan at maunawaan ang mga personal na karanasan ng mga mag-aaral sa Alternative Learning System (ALS) kaugnay ng kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino sa ilalim ng Matatag Kurikulum. Ayon kina Creswell at Poth (2020), ang penomenolohiya ay isang uri ng kuwalitatibong pananaliksik na nakatuon sa pag-explore at pag-intindi ng mga karanasang may kabuluhan mula sa pananaw ng mismong nakaranas nito. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, maingat na pinakikinggan at inaaral ng mananaliksik ang mga tinig ng mga kalahok upang matukoy ang mga temang bumabalot sa kanilang paglalakbay sa edukasyon.

**Mga Pamantayang Etikal**

Ang mga etikal na pagsasaalang-alang ay naging mahalaga sa pagdisenyo ng pananaliksik na ito. Kinailangan kong isaalang-alang ang iba't ibang isyung etikal kaugnay ng mga kalahok sa pananaliksik. Isa sa pinakamahalagang bahagi ng pag-aaral ang paninigurong ang bawat hakbang ng pananaliksik ay sumusunod sa mga alituntuning nagtataguyod ng katotohanan, pag-iwas sa pagkakamali, at paggalang sa dignidad ng mga kalahok.

***Kahalagahang Panlipunan***

Ang isang etikal na pananaliksik ay may layuning lumikha ng positibong pagbabago sa lipunan. Ayon kay Resnik (2020), ang social value ng isang pag-aaral ay nasusukat sa kakayahan nasusukat sa kakayahan nitong makapag-ambag sa kaalaman, patakaran, o praktis na nakatuon sa kapakanan ng publiko.

***Kuwalipikasyon ng Mananaliksik***

Ang kredibilidad ng mananaliksik ay nakabatay sa kanyang kaalaman at karanasan sa paksa. Ayon kay Brunette (2020), mahalagang sanay at may sapat na kaalaman ang mananaliksik upang maisagawa nang tama at etikal ang bawat bahagi ng pag-aaral.

***Boluntaryong Paglahok***

Ayon kina Wiles at Boddy (2020), ang boluntaryong paglahok ay nangangahulugang ang isang kalahok ay kusang-loob na lumalahok sa pananaliksik nang walang pamimilit o sapilitang obligasyon. Mahalaga ring may sapat siyang impormasyon upang magpasya.

Sa pag-aaral na ito, ang paglahok ng mga kalahok ay boluntaryo. Bago isinagawa ang panayam, malinaw na ipinaliwanag sa mga mag-aaral at kanilang magulang ang layunin at saklaw ng pag-aaral. Sila ay malayang umatras anumang oras, at tiniyak na ang paglahok ay walang epekto sa kanilang marka o estado sa paaralan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Kasunduan (Informed Consent)***

Ang *informed consent* ay ang pormal na pahintulot na ibinibigay ng kalahok matapos maunawaan ang mga impormasyon tungkol sa pag-aaral. Ayon kay Wiles at Boddy (2020), ito ay mahalagang hakbang sa pagpapakita ng respeto sa karapatan ng kalahok.

Sa pag-aaral na ito, ipinamigay ang informed assent form sa mga mag-aaral at *informed consent* form sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga. Nakasaad dito ang layunin, proseso, posibleng panganib at benepisyo, at karapatang umatras. Ang kanilang pirma ay nagpapatunay ng boluntaryo at may-kamalayang pagpayag sa paglahok.

***Pagkubli sa Pagkakakilanlan***

Ang pagkubli ng pagkakakilanlan ay isang paraan upang maprotektahan ang pribadong impormasyon ng mga kalahok. Ayon kay Wiles at Boddy (2020) ang paggamit ng pseudonyms at pagtatago ng mga sensitibong detalye ay nakatutulong upang maiwasan ang posibleng diskriminasyon o panganib.

Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang mga alyas o code sa transkripsyon at ulat. Hindi isinama ang pangalan, seksyon, o anumang impormasyon na maaaring tumukoy sa indibidwal. Layunin nitong mapanatili. Bahagi ito ng etikal na pangangailangang tiyakin ang proteksyon ng pagkakakilanlan ng mga kalahok, lalo na at sensitibo ang mga personal na karanasang kanilang ibinahagi. Sa ganitong paraan, napanatili ang tiwala sa pagitan ng mananaliksik at kalahok.

***Pagiging Kompidensyal ng mga Impormasyon*** Ang simulain ng kumpidensyalidad ay nangangahulugang ang lahat ng impormasyong ibinahagi ng kalahok ay hindi ibubunyag sa iba. Ayon kina Wiles at Boddy (2020) ang datos ay dapat ligtas na nakaimbak at gamitin lamang para sa layunin ng pananaliksik.

***Potensyal na Panganib***

Ang anumang pananaliksik ay dapat magsagawa ng pagtatasa ng panganib upang maiwasan ang posibleng pisikal, emosyonal, o sikolohikal na panganib. Ayon kina Tracy at Hinshaw (2020), kahit mababa ang antas ng panganib, kailangan pa ring may mga hakbang para sa proteksyon ng kalahok. Sa pag-aaral na ito, isinagawa ang masusing pagsusuri sa mga tanong sa panayam upang matiyak na ito ay hindi makapagdudulot ng hindi inaasahang *stress* o emosyonal na pagkapagod.

***Kahinaan ng mga Kalahok, mga Panganib, Benepisyo, at Kaligtasan***

Ayon kay Wiles at Boddy (2020), ang mga kalahok na itinuturing na vulnerable population tulad ng kabataan ay kailangang masusing pangalagaan. Dapat tiyakin ang kanilang physical, emotional, at mental well-being habang isinasagawa ang pananaliksik.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Salungatan ng Interes***

Ang *conflict of interest* ay maaaring makaapekto sa obhetibidad at integridad ng resulta ng pananaliksik. Ayon kina Wiles at Boddy (2020), ito ay dapat iwasan o ideklara nang maaga kung sakaling mayroon.

Sa pag-aaral na ito, walang umiiral na salungatan ng interes. Ang mananaliksik ay walang direktang ugnayan sa institusyong sangkot o sa mga kalahok. Ang lahat ng interpretasyon at presentasyon ng datos ay isinagawa nang may pagiging patas at walang kinikilingan.

***Katarungan at Katapatan***

Ang prinsipyo ng katarungan ay nangangahulugang patas na pagtrato sa lahat ng kalahok. Ayon kina Wiles at Boddy (2020), walang sinumang dapat isaisantabi batay sa edad, kasarian, o estado sa buhay. Katapatan naman ay nangangahulugang pagsunod sa katotohanan at integridad sa buong proseso.

**Mga Kalahok sa Pananaliksik**

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay sampung (10) piling mag-aaral mula sa Alternative Learning System (ALS) sa lungsod ng Digos, na aktibong lumalahok sa pagkatuto ng asignaturang Filipino sa ilalim ng implementasyon ng Matatag Kurikulum. Pinili ang mga kalahok gamit ang purposive sampling, isang pamamaraan na karaniwang ginagamit sa kuwalitatibong pananaliksik, kung saan ang mga kalahok ay pinili batay sa kanilang kaangkupan sa layunin ng pag-aaral (Palinkas et al., 2023).

Sa kabuoan, 6 hanggang 10 kalahok ang lumahok sa pananaliksik, alinsunod sa rekomendasyon ni Creswell at Poth (2020) na nagsasaad na sapat na ang ganitong bilang upang makakuha ng makabuluhan at malalim na datos sa penomenolohikal na pag-aaral. Ang mga kalahok ay pinili batay sa sumusunod na inclusion criteria: (1) kasalukuyang naka-enrol sa ALS program sa Digos City, (2) may karanasan na sa pag-aaral ng asignaturang Filipino sa ilalim ng Matatag Kurikulum, at (3) handang makibahagi sa panayam at magbahagi ng kanilang personal na karanasan sa pagkatuto.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang pangunahing kagamitan sa pananaliksik na ito ay ang gabay na panayam (semi-structured interview guide) na naglalaman ng mga bukas na tanong na dinisenyo upang pukawin ang malalim at personal na salaysay mula sa mga kalahok hinggil sa kanilang karanasan sa pagkatuto ng Filipino sa ilalim ng Matatag Kurikulum sa loob ng Alternative Learning System (ALS). Ang ganitong uri ng instrumento ay akma sa disenyo ng penomenolohikal na pananaliksik dahil nagbibigay ito ng sapat na espasyo para sa malayang pagpapahayag ng damdamin, kuro-kuro, at karanasan ng mga kalahok (Creswell & Poth, 2020).

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Mga Tungkulin ng Mananaliksik**

Sa isang kuwalitatibong pananaliksik, ang papel ng mananaliksik ay hindi lamang limitado sa pagkolekta ng datos kundi umaabot sa mas malalim na responsibilidad ng interpretasyon, pag-unawa, at pagpapahayag ng karanasang pantao. Ayon kay Wiles at Boddy (2020), mahalaga ang pagkakaroon ng integridad at mapanagutang pamamahala sa buong proseso ng pananaliksik upang matiyak ang pagiging makabuluhan at mapagkakatiwalaan ng kinalabasan nito. Kaugnay nito, inangkop ko ang mga prinsipyo ni Creswell (2023), na nagsasaad na ang isang kuwalitatibong mananaliksik ay kailangang maging handa sa masinsinang paglahok sa proseso mula sa pakikipag-ugnayan sa kalahok, masusing pangangalap at pagsusuri ng datos, hanggang sa pagsusulat ng ulat na may lalim at kahulugan

**Paglikom ng mga Datos** Ang proseso ng paglikom ng datos sa pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng masinsinang panayam gamit ang *semi-structured interview* guide. Isinagawa ang mga panayam nang harapan at/o online (depende sa kasunduan at kakayahan ng mga kalahok), upang matiyak ang kaligtasan at kaginhawaan ng mga kalahok sa panahon ng pananaliksik. Bago ang pagsasagawa ng panayam, ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral, ang itinakdang proseso, at tiniyak ang pagiging boluntaryo ng kanilang paglahok sa pamamagitan ng isang pormal na pahintulot *(informed consent form).*

**Pagsusuri ng mga Datos**

Sa kuwalitatibong pananaliksik, ang pagsusuri ng datos ay nagsisimula sa maingat na pag-transcribe ng mga sagot ng kalahok mula sa naitalang panayam. Ang transkripsyon ay hindi simpleng teknikal na hakbang kundi isang kritikal na bahagi ng interpretatibong proseso na nagpapahintulot sa mananaliksik na muling masdan at balikan ang diwa ng mga salaysay. Sa pananaliksik na ito, ang mga panayam ay naitala sa audio, at ang bawat tugon ay inilipat sa tekstuwal na anyo nang literal upang mapanatili ang orihinal na mensahe ng kalahok.

***Paghahanda at Pag-aayos ng mga Datos sa Pagtatasa***

Ang kuwalitatibong paggawa ay madalas na bumubuo ng isang malaking bahagi ng datos. Ang mga haba ng oras ng panayam o pangkatang panayam, mga pahina ng mga tala sa pagmamasid, at hindi mabilang na mga dokumento ay maaaring nakuha sa panahon ng pangongolekta ng datos. Ang dami ng datos na nakolekta ay kadalasang nakakondisyon sa haba ng yugto ng gawain. Kaya, isa sa mga unang hakbang sa kuwalitatibong pagsusuri ay ang pagsasaayos ng datos para sa tematikong pagsusuri.

***Transkripsiyon***

Karaniwang nakokolekta ang mga awdyo-bisuwal na kagamitan sa kuwalitatibong pagsusuri. Ang mga mananaliksik sa nasabing pagsusuri ay naglalaan ng oras sa pagklasipika ng datos bilang paghahanda para sa karagdagang pagsusuri. Alang-alang sa tematikong pagsusuri,

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

ang mga verbatim na transkripsyon na naglalayong makuha ang bawat pagbigkas mula sa kalahok at magsilbing bilang isang tumpak na tala at tugon ng usapan.

***Pagtatala ng Datos***

Habang sinusuri ko ang mga nakalap na datos ay maaaring makatulong ito na makabuo ng personal na interpretasyon o hinuha kaugnay sa tugon ng kalahok sa pag-aaral. Maaaring naisin ng isang mananaliksik na bumuo ng kaniyang sariling hinuha o interpretasyon upang maiugnay ang tugon ng mga kalahok. Sa paggawa ng tala ng datos ay hindi dapat maging konklusibo.

***Pagko-code ng Datos***

Isang partikular at mahalagang bahagi ng proseso ng tematikong pagsusuri ang pag-code ng datos. Ito ay isang maikli, mapaglarawang salita o parirala na nagbibigay ng kahulugan sa analitikong interes ng mananaliksik.

***Paglipat ng Koda sa mga Kategorya Patungo sa mga Tema***

Sa pangkalahatan, ang pagsusuri ay nasangkot ng pasaklaw na pakikipag-ugnayan sa datos, kung saan ang mga mananaliksik ay lumipat mula sa ilang mga kaso sa mas malawak na interpretasyon. Ang prosesong ito ay nagsangkot ng aplikasyon ng *code*, pagbuo ng mga kategorya, at sa huli ang pagbuo ng mga tema

***Paglinaw sa Kategorya ng mga Tema at sa Proseso ng Pagsusuri***

Isang mahalagang pagsaalang-alang ang isinasagawa ng tematikong pagsusuri sa paglalahad ng impormasyon tungkol sa analitikong proseso sa isang lantad at natitiyak na paraan. Mayroon talagang isang hanay na paraan na ipinagpatuloy ng mga mananaliksik, at tinalakay dito ang tatlong posibilidad: Una, natiyak na ang paglikha ng isang gabay ng analitikong proseso ay isang kapaki-pakinabang na paraan na naibabahagi ang proseso ng transkripsyon mula sa mga code patungo sa mga kategorya sa mga tema.

Pangalawa, upang suportahan ang kalinawan ng datos, iminungkahi na bumuo ang mga mananaliksik ng isang detalyadong pamamaraan na naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng pinagmulan ng datos, code, kategorya at mga tema. Panghuli, ang isa pang teknik ay nasangkot ng pag-uulat ng paggamit ng kalimitang koda. Bagaman ang pag-uulat ng mga kalimitang datos ay hindi palaging ninanais ng lahat ng mananaliksik, sa ibang disiplina at mga lugar, ito ay pinahahalagahan at pinipili pa. Ang prosesong ito ay lubos na natulungan ang paggamit ng datos mula sa kuwalitatibong pagsusuri.

**Pagkamatapatin ng Pag-aaral**

Sa isang kuwalitatibong pananaliksik, ang pagiging kapani-paniwala ng resulta ay nakasalalay sa mapanagutang paghawak sa proseso ng datos at integridad ng mananaliksik sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

kanyang pagsusuri.Mahalagang maisaalang-alang ang kredibilidad, pagiging maaasahan, transferabilidad, at kumpirmabilidad bilang pangunahing pamantayan upang matiyak ang integridad ng pag-aaral. Ang pagiging mahigpit sa dokumentasyon, pamaraan, at etikal na proseso ay hindi lamang teknikal na pangangailangan kundi isang etikal na obligasyon sa mga kalahok at sa komunidad na pinaglilingkuran ng pananaliksik. Sa paggamit ng kuwalitatibong pananaliksik, isinasaalang-alang ng mananaliksik ang mga pamantayan ng credibility, dependability, transferability, at confirmability upang magabayan ang mga mambabasa at masundan ang bawat hakbang sa proseso ng pag-aaral.

## III. Resulta at Talakayan

### Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino sa Programang ALS

Ang pag-aaral ng Filipino sa ilalim ng Alternative Learning System (ALS) ay hindi lamang isang akademikong karanasan para sa mga mag-aaral, kundi isang makabuluhang paglalakbay ng personal na paglago at pagkilala sa sariling kakayahan. Ipinakita sa mga tugon ng kalahok na ang pagkatuto ng Filipino ay naging daan hindi lamang sa kaalaman sa wika, kundi sa pag-unawa sa sarili, sa lipunan, at sa kahalagahan ng edukasyon sa kanilang buhay. Higit pa rito, nakatulong ito sa pagpapalakas ng pambansang identidad at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino

#### *Pagkatuto Bilang Paglalakbay sa Sarili at Kulturang Pilipino*

Ang pag-aaral ng Filipino sa ilalim ng Programang ALS ay naging mahalagang yugto ng personal na paglalakbay para sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagkatuto ng wika at panitikan, unti-unti nilang natuklasan hindi lamang ang kaalaman kundi ang sarili, ang pinanggagalingang kultura, at ang halaga ng pagiging Pilipino. Ang karanasang ito ay hindi lamang akademiko kundi emosyonal at panlipunan isang uri ng pagbabagong nagsisimula sa loob.

#### *Hamon sa Panlipunan at Personal na Konteksto*

Ang pag-aaral ng Filipino sa Programang ALS ay hindi isang tuwid at madaling landas. Para sa maraming mag-aaral, ito ay isang pakikibaka sa gitna ng personal na hamon, panlipunang tungkulin, at limitadong oportunidad. Sa kabila ng kagustuhang matuto, marami sa kanila ang kailangang harapin ang mga hadlang tulad ng kakulangan sa oras, pisikal na pagod, kahirapan sa akademikong kasanayan, at limitadong suporta mula sa tahanan at institusyon. Ang mga hadlang na ito ay nagpapakita kung paanong ang pagkatuto ay hindi lamang nakabatay sa kakayahan, kundi sa konteksto ng buhay na kanilang ginagalawan.

#### *Papel ng Guro at Komunidad Bilang Sandigan sa Pagkatuto*

Sa konteksto ng Programang ALS, ang guro at ang komunidad ng mag-aaral ay hindi lamang tagapagturo at kasamahan sa pag-aaral, kundi nagsisilbing matibay na sandigan sa gitna ng mga hamon ng edukasyon. Para sa mga mag-aaral na may sari-sariling responsibilidad at hamon

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

sa buhay, ang pagkakaroon ng isang suportado, bukas, at gumagabay na kapaligiran ay naging mahalagang sangkap upang sila'y magpatuloy sa kanilang paglalakbay sa pagkatuto ng Filipino.

**Tugon sa mga Hamon ng Pagkatuto ng Filipino**

Sa kabila ng mga pagsubok na kaakibat ng pag-aaral ng Filipino sa Programang ALS, ipinakita ng mga mag-aaral ang mataas na antas ng kakayahang makibagay, lumaban, at humanap ng mga mabisang estratehiya upang mapagtagumpayan ang mga ito. Ang kanilang mga tugon ay hindi lamang teknikal kundi emosyonal at ispiritwal, nagpapakita ng malalim na diskarte sa harap ng kahirapan. Ang mga paraang ito ay sumasalamin sa kanilang pananaw na ang pagkatuto ay hindi lamang tungkulin kundi personal na paninindigan.

***Personal at Praktikal na Diskarte***

Sa pagharap ng mga mag-aaral sa iba't ibang hamon ng pagkatuto ng Filipino sa Programang ALS, lumitaw ang kanilang kakayahang bumuo ng mga personal at praktikal na estratehiya upang malampasan ang mga ito. Sa halip na magpaapekto sa mga balakid tulad ng kakulangan sa oras, pagod, kahirapan sa pagsulat at pagbasa, ay pinili nilang humanap ng paraan na angkop sa kanilang estilo ng pagkatuto at kontekstong kinabibilangan.

***Pakikipag-ugnayan at Kooperasyon Bilang Susi sa Pagkatuto***

Ang pagkatuto sa Programang ALS ay hindi lamang indibiduwal na proseso kundi isang ugnayang nakaugat sa suporta ng kapwa mag-aaral, guro, at komunidad ng pagkatuto. Para sa maraming mag-aaral, ang pakikipag-ugnayan sa kanilang guro at kaklase ay hindi lamang tulong sa akademikong aspekto kundi isa ring sandigan sa emosyonal at moral na aspekto ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kaalaman, paghingi ng tulong, at aktibong pakikilahok sa klase, napagtatagumpayan nila ang mga hamon sa pagkatuto ng Filipino.

***Pagbabago ng Ugali at Pag-unawa sa Sariling Pagkatuto***

Habang lumalalim ang paglalakbay ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino sa Programang ALS, kapansin-pansin ang kanilang pagbabago ng pananaw, ugali, at estratehiya sa pag-aaral. Hindi ito biglaan kundi dahan-dahang nabuo mula sa pagsubok, pagkabigo, at tagumpay. Sa pamamagitan ng karanasan, natutunan nilang kilalanin ang sarili, tukuyin ang sariling mga kahinaan at lakas, at muling ayusin ang kanilang paraan ng pagkatuto upang mas maging epektibo at angkop sa kanilang pangangailangan.

**Kuro-kuro at Pagninilay ng mga mag-aaral ng Filipino sa program ALS**

Ang pagkatuto ng Filipino sa Alternative Learning System (ALS) ay hindi lamang itinuturing ng mga mag-aaral bilang isang akademikong gawain kundi bilang isang makabuluhang paglalakbay na nagbunsod ng personal na repleksyon at pagbabago. Mula sa mga unang araw ng kaba at alinlangan, hanggang sa mga natamong tagumpay sa pag-unlad ng sariling kakayahan, ang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

mga mag-aaral ay nakabuo ng mas malalim na pag-unawa sa halaga ng wika sa kanilang buhay, identidad, at layunin.

***Paglago ng Kumpiyansa sa Komunikasyong Filipino***

Ang pag-aaral ng Filipino sa loob ng programang ALS ay nagsilbing daan sa unti-unting pag-usbong ng kumpiyansa at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Hindi lamang nila natutunan ang teknikal na aspekto ng wika, kundi nahubog din ang kanilang kakayahang magpahayag ng sarili sa paraang malinaw, may tiwala, at makabuluhan. Para sa kanila, ang Filipino ay naging kasangkapan ng empowerment isang wika na bumuo ng boses mula sa pag-aalinlangan.

***Paglalim ng Pagkilala sa Wika para sa Kultura at Identidad***

Ang pagkatuto ng Filipino sa Alternative Learning System (ALS) ay hindi lamang nakasentro sa kaalaman sa wika, kundi nagsisilbi ring daluyan sa mas malalim na pagkilala ng mga mag-aaral sa kanilang pagkakakilanlan bilang Pilipino. Habang nalilinang ang kanilang kasanayan sa pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat, unti-unti ring umuusbong sa kanila ang kamalayan sa papel ng wika sa paghubog ng kultura, kasaysayan, at kolektibong pagkatao.

## IV. Mga Implikasyon at Mga Patutunguhan sa Hinaharap

**Mga Implikasyon**

Ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito ay may mahahalagang implikasyon para sa mga tagapagturo, tagapamahala ng programa, at mga tagabuo ng polisiya sa larangan ng alternatibong edukasyon, partikular sa pagtuturo ng Filipino sa ilalim ng Kurikulum ng K to 12.

**Mga Patutunguhan sa Hinaharap**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomendang higit pang paunlarin ang pag-aaral hinggil sa karanasan ng mga mag-aaral sa Alternative Learning System (ALS) sa iba't ibang larangan ng pagkatuto, lalo na sa asignaturang Filipino. Maaaring isagawa ang mga pananaliksik na may pokus sa iba't ibang rehiyon o sektor (halimbawa: kababaihan, katutubo, out-of-school youth, o working learners) upang maipakita ang pagkakaiba-iba ng konteksto ng kanilang pagkatuto.

Gayundin, mainam na pagtuunan ng pansin ang mga pag-aaral na susuri sa ugnayan ng mga salik gaya ng teknolohiya, pedagogical innovations, at social-emotional learning sa pagkatuto ng Filipino sa ALS. Maaari ring lumawak ang pananaliksik patungo sa pagsusuri sa epekto ng mga programang pangguro gaya ng pagme-mentor, pagtuturo ng kapwa mag-aaral, at konteksyulisasyong modular sa pagkatuto ng mga mag-aaral na nasa hustong gulang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Iminumungkahi rin ang longitudinal studies na susubaybay sa progreso ng mga mag-aaral sa loob at matapos ang kanilang paglahok sa programang ALS upang masukat hindi lamang ang pagkatuto sa wika kundi pati ang epekto nito sa kanilang pamumuhay, hanapbuhay, at pakikilahok sa komunidad. Sa ganitong paraan, mas matitiyak ang pagsasaalang-alang sa holistic development ng mga mag-aaral at ang patuloy na pagpapabuti ng Matatag Kurikulum sa alternatibong edukasyon.

Higit sa lahat, kailangang isaalang-alang ang boses at perspektibo ng mga mag-aaral mismo sa mga susunod na pananaliksik upang manatiling nakasentro ang anumang reporma sa kanilang tunay na karanasan, pangangailangan, at layunin. Ang ganitong direksyon ay makatutulong sa pagbubuo ng isang mas inklusibo, makatao, at makabuluhang edukasyon para sa lahat.

## Mga Sanggunian

[1] Agum, A. N. C., Naidas, M. S., Dorado, L. B., Bhattrai, J. L. T., Lagajino, E. L. V., & Mergal, V. C. (2021). Filipino college students' perspectives on the challenges, coping strategies, and benefits of self-directed language learning in the new normal. Human Behavior, Development and Society, 22(2), 1–15. https://so01.tci-thaijo.org/index.php/hbds/article/view/247277
[2] Alvarez, A. V. Jr. (2024). Exploring the Philippine Alternative Learning System. International Journal of Scholars in Education, 7(1), 1–16. https://doi.org/10.52134/ueader.1445226
[3] Aniñon, J. A. (2025). Pagpili ng karera ng mga mag-aaral: Isang multiple case study sa mga mag-aaral ng medyor sa Filipino. EPRA International Journal of Research and Development, 10(1), 45–60. https://doi.org/10.36713/epra19878
[4] Apao, L. (2022). Impact of Alternative Learning Systems in Improving Life Skills of Beneficiaries. https://ejournals.ph/article.php?id=9479
[5] Ardales, V. B. (2023). Wika at identidad: Ang papel ng wikang Filipino sa pagbubuo ng makabayang kamalayan. Journal of Social Science and Humanities, 15(2), 84–97. https://ejournal.ssuph.edu.ph/article/view/2023-wika-identidad
[6] Arzadon, M. (2022). Flexible learning options and challenges in ALS program implementation: A Philippine context. https://www.researchgate.net/publication/330881893
[7] Balderas, M. (2025). The influence of parental involvement on the acquisition of Filipino language skills in early childhood education. American Journal of Education and Technology, 4(2), 1–10. https://doi.org/10.54536/ajet.v4i2.4331
[8] Bautista, R. B. A., & Del Valle, J. M. (2023). Communicative competence and oral language usage of Filipino learners in English. International Journal of Education and Multidisciplinary Studies, 4(1), 296–305. https://iiari.org/wp-content/uploads/ijemds.v4.1.296.pdf
[9] Bernal, A. I. (2021). The mediating effect of classroom learning environment on the relationship between Filipino language anxiety and coping strategies. SSRN Electronic Journal. https://doi.org/10.2139/ssrn.3941206
[10] Bernardo, A. B. I., Salanga, M. G. C., & Aguas, K. M. C. (2008). Filipino adolescent students' conceptions of learning goals. The Psychology of Asian Learners, 171–186. https://www.academia.edu/2246508/Filipino_adolescent_students_conceptions_of_learning_goals

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

[11] Bometivo, M. L. J., Hermosilla, M. C., Palero, A. L., & Selario, P. (2024). Buhay ay ’di karera: Lived experience of Alternative Learning System passers in pursuit of meaning and identity. SSRN. https://doi.org/10.2139/ssrn.5121145

[12] Borela, B. (2020). Sixth Global Report on Adult Learning and Education. Library.https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000391600

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved